ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLVI Blg. 11
Setyembre 21, 2015
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Paigtingin ang digmang bayan sa harap ng pasistang brutalidad ni Aquino

May bagong antas ng sidhi at brutalidad ang magkakasunod na armadong pagsupil ng rehimeng Aquino nitong nagdaang mga buwan laban sa mga aktibista, lider-masa at buu-buong komunidad.

Ipinakikita nito na pagkalipas ng halos tatlong dekada mula nang mapatalsik si Marcos at ang kanyang diktadurang militar, nananatili ang paghahari ng pasistang Armed Forces of the Philippines (AFP) sa iba't ibang aspeto ng lipunang Pilipino, laluna sa kanayunan.

Ang lantaran at walang habas na pasistang brutalidad ng rehimen ay malawakang pumupukaw sa sambayanang Pilipino. Sumisigaw ng katarungan ang mga biktima ng mga masaker sa Surigao del Sur, Bukidnon, Masbate at marami pang lugar. Humihiyaw ng hustisya ang mga biktima ng panggagahasa at iba pang paglapastangan sa kababaihan. Nag-aapoy ang damdamin ng mga kabataang nag-aaral sa mga eskwelahang sinunog at winasak ng AFP. Iginigiit nilang parusahan ang mga upisyal at tauhan ng AFP na nasa likod ng mga pagpatay at mga krimeng ito.

Hindi pinakikinggan ni Aquino ang hinaing ng mamamayang Pilipino. Hindi lamang ito nagtetengang-kawali, binabaluktot pa nito ang katotohanan upang palabasing mga kriminal ang mga biktima, pati ang mga nagbibigay sa kanila ng tulong at silong. Imbing layunin ni Aquino na pagtakpan ang mga krimen ng AFP at hayaan itong lalong palaganapin ang brutal na kampanya ng panunupil.

Nagpupuyos sa galit ang sambayanang Pilipino. Kaliwa't kanan ang inilulunsad nilang mga protestang masa, iba't ibang anyo ng sama-samang pagkilos at mga ligal na hakbangin para tuligsain at papanagutin ang AFP sa mga kalupitan nito. Mayroon ding mga protesta at pagkundena sa ibang bansa na naglalantad sa duguang rekord ng rehimeng Aquino sa internasyunal na komunidad.

Ang lahat ng yunit ng BHB sa buong bansa ay dapat tumugon sa sigaw para sa katarungan. Sa mga larangang gerilya sa buong bansa, puspusang ilunsad ang maliliit at malalaking taktikal na opensiba laban sa AFP, PNP at iba't ibang grupo nitong paramilitar.

Pinapalakpakan ng buong bayan ang mga yunit ng BHB sa Surigao del Sur sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba na tumarget sa mga buhong na yunit ng AFP na nasa likod ng mga pagmasaker sa Lianga at pagpaslang sa mga lider at aktibistang lumad, at nagpapahirap at nang-aapi sa masang magsasaka sa lugar.



Tulad sa nakaraan, ang lantarang paggamit sa pwersang militar upang supilin ang mga hinaing at demokratikong adhikain ng mamamayang Pilipino ay pagpapakita, hindi ng lakas at katatagan ng naghaharing sistema, kundi ng paghina at desperasyon ng naghaharing estado na panatilihin ang bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal.

Ipinakikita nito na patuloy na nabibigo ang Oplan Bayanihan ng rehimeng Aquino sa layunin nitong ipawalangsaysay ang BHB pagsapit ng 2016. Patunay rin ito na bigo si Aquino sa kaakibat na layunin ng kanyang rehimen na ilayo ang mamamayan sa landas ng rebolusyonaryong paglaban sa pamamagitan ng saywar ng "tuwid na daan" para palabasing tumutugon ang gubyerno sa interes at kapakanan ng bayan.

Ang AFP ang pangunahing instrumento ng imperyalismong US at naghaharing estado sa pagsupil sa bayan. Sa tuwirang dikta ng mga "tagapayo" ng JUSMAG at CIA, itinatayo ng AFP ang sarili nito bilang awtoridad at kapangyarihan. Inaapakan ng mga upisyal militar ang awtoridad ng mga sibil na upisyal. Pumapapel ang militar bilang gubyerno at nagpapanggap na tagapaghatid ng serbisyo. Itinatakda nito ang takbo ng mga programa ng iba't ibang ahensya ng gubyerno upang magsilbi sa layunin nito ng "counter-insurgency" na walang iba kundi pagsupil sa mga demokratikong hinaing at rebolusyonaryong pakikibaka ng bayan.

Ginagamit ngayon ng naghaharing estado ang lantad na karahasang militar sa pagsupil sa mga pakikibakang masa, kabilang ang kanilang mga ligal na kilusan. Ang sinasabing "kampanya laban sa kriminalidad" ay isinasangkalan para supilin at gawing halos iligal ang ligal na demokratikong kilusan sa pamamagitan ng kaliwa't kanang pambibintang at pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso upang arestuhin at matagalang ibimbin ang mga lider masa at mga aktibista.

Ang lantarang paggamit ng karahasan ng estado ay palatandaang nabibigo si Aquino at ang AFP sa paggamit ng mga pakitang-taong programa tulad ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program o 4Ps at Pamana para kunin ang tiwala at paniniwala ng mamamayan, laluna ng masang magsasaka sa kanayunan. Kahit pa todo-todo na ang buhos ng pondo at pangungutang, wala pa ring bisa ang 4Ps at tulad nitong mga pakitang-taong programa para mapasakay ang mamamayang Pilipino sa pinalalabas ni Aquino na "kaunlaran para sa lahat".

Ito'y dahil patuloy silang nagdurusa sa kawalan ng tunay na reporma sa lupa, pangangamkam ng lupa at pandarambong at pangwawasak sa mga minahan, patuloy na pagkalugmok ng ekonomya at laganap na disempleyo, napakababang sahod, kawalan ng serbisyong pang-edukasyon at pangkalusugan at walang-tigil na pagsirit ng presyo ng pagkain at mga bilihin.

Sa kalakhan, bigo ang naghaharing sistema sa paggamit nito ng mga instrumentong pansaywar upang pagtakpan ang mga ugat ng panlipunang krisis at ilayo ang masang anakpawis sa landas ng pambansa demokratikong pakikibaka.

Anupamang karahasan at terorismo, saywar at panlilinlang ang gagamitin ng rehimeng Aquino at ng AFP, hindi nito mapipigilan ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa buong bansa, tuloy-tuloy na sumusulong ang mga pakikibakang antipyudal sa kanayunan, gayundin ang paglaban sa mga dayuhang malalaking plantasyon at mga kumpanya sa pagmimina. Sa kalunsuran, kaliwa't kanan ang mga pakikibaka ng mga manggagawa, mga maralita, mga kabataang estudyante at iba pang sektor.

Gayundin, isinusulong ng mamamayan at kanilang rebolusyonaryong pwersa ang digmang bayan sa buong bayan. Tuluy-tuloy na nagpupunyagi ang BHB na kunin ang inisyatiba at maglunsad ng papadalas at papalaking mga taktikal na opensiba. AB


Ang Bayan

Tomo XLVI Blg. 11 | Setyembre 21, 2015

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas


## Nilalaman


**Editoryal:** Paigtingin ang digmang bayan sa harap ng brutalidad ng rehimen 1
Mga masaker at krimen, kinundena 3
Andrea Rosal, laya na 5
Kahit maputi na ang buhok ko 5
AFP, binigwasan sa Surigao 6
Mga opensiba sa Mindoro 6
Mga kampanyang antipyudal sa EV 7
APEC, pakinabang sa dayuhan 9
Pagtutulungang "kontra-terorismo" 10
Neoliberal na mga patakaran 10
NSS: US laban sa China 12
Pagpapatalsik ng base militar 13

# Mga masaker at iba pang krimen ng AFP, kinundena

Umani ng malawakang pagbatikos ang pasistang rehimeng US Aquino habang bumaha ang suporta at pakikidalamhati ng mga sektor at indibidwal sa mga pinaslang ng berdugong tropang militar sa Diatagon, Lianga, Surigao del Sur at Pangantucan, Bukidnon.

**Libu-libong nakipaglibing**

Noong Setyembre 12, 10,000 ang nagmartsa para ilibing si Emerito Samarca, direktor ng Alternative Learning Center for Agriculture and Livelihood Development (Alcadev) sa Butuan City.

Dumaan ang mga nakikiling sa hedkwarters ng Camp Rafael Rodriguez ng pulisya at sa Camp Bancasi, base ng 402nd Brigade at nagdaos ng *noise barrage* sa tapat nito. Kinabukasan, Setyembre 13, inilibing naman sa Lianga ang mga lider-Manobo na sina Dionel Campos at Datu Juvello Sinzo. Sabay na ring inilibing si Renabel Enriquez, ang apat na taong gulang na batang babae na namatay sa Tandag City Provincial Sports Center noong Setyembre 8. Isang linggo nang nakatigil ang pamilyang Enriquez sa *sports center* na nagsilbing sentro ng ebakwasyon.

Sa pangatlong linggo ng Setyembre, mahigit 30,000 mamamayan na ang lumikas mula sa mga bayan ng Lianga, San Miguel, San Agustin at Tago tungong Tandag City dulot ng kampanyang teror ng mga paramilitar sa prubinsya. Dahil dito, nagdeklara na ng *state of calamity* ang gubyernong pangprubinsya.

"Idadakila namin ang kamatayan ng ating mga martir sa pamamagitan ng paninindigan sa katotohanan," wika ng grupong Kahugpungan Alang sa Lumadnong Organisasyon sa Caraga (Kasalo-Caraga).

Iniulat ng Karapatan-Caraga na habang inililibing sina Campos at Sinzo sa Lianga, apat na ahenteng militar mula sa Camp Bancasi ang nahuling kumukuha ng litrato at nagpapanggap na nakikipaglibing. Nakuha sa isa sa mga nadakip ang isang kalibreng .45 na pistola.

Lumawak ang pagbatikos ng mga taong-simbahan, pulitiko, at manggagawa sa paghuhugas-kamay ng rehimeng Aquino sa nagaganap na mga masaker at abusong militar.

Nanawagan ang mga Katolikong obispo ng "tapat, buo, walang-kinikilingan at mabilis na imbestigasyon upang managot ang mga may-sala." Ikinabahala ni Archbishop Socrates Villegas, presidente ng Catholic Bishop's Conference of the Philippines, ang ulat na "mabilis na pinawalang-sala ng pambansang pamunuan ang milisya sa anumang paglabag."

Kinundena rin ng National Council of Churches of the Philippines (NCCP) ang serye ng mga masaker. Pinanghawakan ni Rev. Ephraim Fajutagana, Obispo Maximo XII ng Iglesia Filipina Independiente (IFI) at tagapangulo ng NCCP, ang pahayag ng United Church of Christ in the Philippines, National Priest Organization at Council of Priests ng IFI na ang ebidensya ay nagtuturo sa 36th IB at paramilitar na grupong Magahat-Bagani bilang mga salarin sa masaker sa Lianga. Nanawagan din ang NCCP na palayasin ang 1st Special Forces Battalion at ang 36th IB sa Pangantucan at sa Lianga.

Kinundena ng Kilusang Mayo Uno ang doble-karang pananalita ni Aquino sa pagsasaad na hindi target ng pagpaslang ang mga Lumad pero may kampanya para habulin ang lahat ng sangkot sa mga krimen sino man sila. Anang KMU, binibigyang katwiran nito ang paglabag sa karapatang-tao ng mga militar.

Samantala, nanawagan ang Solidargo, isang organisasyon na nakabase sa Belgium, na buwagin na ang Magahat at iba pang grupong paramilitar. Sumulat si Jan Vanhuysse, pangkalahataang tagapagkoordina ng organisasyon, sa embahada ng Pilipinas para idemanda ang kagyat at buong imbestigasyon sa masaker. Ang Solidagro ay sumusuporta sa Alcadev at iba pang inisyatiba ng mga komunidad sa Cordillera, Samar at Masbate, liban pa sa Africa at Latin America.

Isiniwalat ng maraming Pilipino ang kanilang malalim na galit sa mga masaker sa internet at sa papel dito ng militar. Sa isang panahon, nag-"trend" (naging numero unong pinag-usapan) sa *social media* ang panawagang #StopLumadKillings (Itigil ang pagpatay sa mga Lumad).

Ayon pa sa Kasalo, "nagkamali ang mga militar sa pagpaslang kina Onel, Emok (Samarca) at Datu Bello dahil imbes na takutin at patahimikin ang daan-daan sa amin na tuwirang nakasaksi sa brutal na pagpaslang ng tatlo, marami ang nagbigay ng matatag na testimonya, marami ang hindi mananahimik, marami ang tumatangging itago ang katotohanan, at marami ang naghahangad ng katarungan."



**Tuluy-tuloy na pagbubunyag, protesta at pagbatikos**

Isinagawa ng 20 organisasyon sa pamumuno ng Karapatan-Northern Mindanao ang isang *fact-finding mission* sa Pangantucan, Bukidnon kaugnay sa pagmasaker ng mga elemento ng AFP sa mga myembro ng pamilyang Somina at Samia sa lugar. Liban sa masaker, na kinumpirma nilang isinagawa ng militar laban sa mga sibilyan, naitala nila ang mahigit 12 iba pang paglabag sa karapatang-tao. Kabilang sa mga kaso ang tortyur, bigong pagpaslang, blokeyo sa pagkain at ekonomya at paggamit ng mga sibilyan bilang kalasag.

Samantala, isang armadong ahente ang nahuling naniniktik sa kumperensya para sa karapatang-tao na isinagawa sa Cagayan de Oro City noong Setyembre 11. Nakuha kay Rolando Gamonit Sr. ang isang kalibre .45 na psitola nang tangkain niyang pumasok sa kumperensya ng Barug Katungod habang nagpapanggap na kinatawan ng isang grupong Lumad. Nakilala ni IFI Bishop Antonio Ablon si Gamonit na nagtangka ring pumasok sa isa pang katulad na pulong nitong taon.

Sa Quezon City, nagpiket ang grupong Gabriela sa harap ng Camp Aguinaldo noong Setyembre 12 at nanawagan na ikulong ang tatlong sundalong sangkot sa panggagahasa sa 14-taong gulang na batang babaeng Manobo sa Talaingod, Davao del Norte.

Nanawagan din ang Gabriela na palayasin ang mga tropang militar sa mga lugar ng mga Lumad, dahil sa mga abusong ginagawa ng mga militar, kabilang ang pang-aabusong sekswal.

Kaugnay nito, mariiing binatikos ng mga progresibong grupo ang sekswal na panghaharas ng isang abugado ng militar kay Janess Ellao, manunulat ng *Bulatlat.com* at myembro ng Altermidya.

Sa Kongreso, galit na kinastigo ni Bayan Muna Rep. Neri Colmenares si Brig. Gen. Angelito de Leon matapos ipalabas ng heneral ang bidyo ng isang batang Lumad na kumakanta ng "Lupang Sinira." Ang awit ay isang alternatibong bersyon ng pambansang awit na sinulat ng makabayang manganganta at kompositor na si Pol Galang. Kakatawang ginamit ni de Leon ang bidyo bilang ebidensya na pinatatakbo ng BHB ang eskwelahan ng Salugpungan Ta'tanu Igkagunon Community Learning Center (STICLC). Nanawagan ang heneral na isara ang mga paaralan ng STICLC o kundiman ay ipailalim sa kontrol ng militar ang mga ito. Nitong Agosto, nagsanay na ang Department of Education (DepEd) ng mga sundalong tatayong mga guro ng mga paaralang Lumad.

"Kinanta lang, NPA agad? Ito ang mahirap sa AFP!" wika ni Colmenares. "Yang ganyang *psychology* maraming namamatay dyan!"

**Gera laban sa Lumad**

Isang presentasyong *powerpoint* na inilantad ng Bagong Alyansang Makabayan ang nagpapatunay na sadyang target ng mapanupil na kampanyang Oplan Bayanihan (OpBay) ang mga Lumad at kanilang mga komunidad. Idinetalye ng presentasyon, na may tatak ng Department of Science and Technology, ang Whole of Nation Initiative (WNI), ang batayan at mga paraan kung saan magkakatuwang ang militar at burukrasyang sibil sa pagpapatupad ng OpBay sa pamamagitan ng saywar at panlilinlang.

Ipinakita sa isang pahina ng presentasyon na 74% umano ng BHB sa Silangang Mindanao ay mga katutubo at 90% ng mga baseng gerilya ay matatagpuan sa mga lupaing ninuno.

Bahagi ng estratehiya ng WNI ang paglulunsad ng "serbisyo caravan" na binubuo ng mga ahensya ng pamahalaan. Umaabot sa 14 na departamento at ahensya ng estado ang sangkot sa WNI. Kabilang sa kanilang mga instrumento ng panlilinlang ang 4Ps, mga seminar na pangkabuhayan at iba pa. Para sa taong 2015, tumukoy ang WNI ng mga prayoridad sa una at ikalawang hati ng taon sa mga rehiyon ng Eastern Visayas, Region XI at Caraga.

Sa mga lugar na ito naitala ang mataas na bilang ng paglabag sa karapatang-tao, kabilang ang mga masaker at ekstrahudisyal na pamamaslang.

Noong Agosto, magkasabay na inilunsad ng AFP ang mga peace caravan sa Surigao del Norte at Surigao del Sur. Sa Lianga, inimbita ang mga myembro ng MAPASU pero hindi nila ito pinaunlakan dahil abala sila sa paghahanda para sa Araw ng Pagtatatag ng Alcadev. Kinastigo sila ng militar, at sinabing hindi sila dadalo dahil "mga NPA" ang mga anak nila. Isang linggo matapos ang *peace caravan,* naganap ang masaker sa Alcadev.

Desperadong ginagamit ng AFP ang pangingibabaw nito sa mga ahensyang sibilyan para maipagpatuloy pa rin ang mga nabibigong layunin ng OpBay. Kinasabwat, halimbawa, ng AFP ang DepEd para maglabas ng memo na nagpapahintulot sa paggamit ng mga militar sa mga paaralan bilang baraks, bagay na labag sa internasyonal na mga alituntunin.

Kabilang sa mga balatkayong serbisyo na ipagkakaloob ng WNI ay ang libreng gupit, pamamahagi ng kagamitang pang-eskwelahan, pamimigay ng inuming tubig na may halong *iodine,* at iba pang proyektong pang-saywar.

Sumulat din ang grupong Karapatan sa mga espesyal na imbestigador ng United Natons (UN) Human Rights Council para imbestigahan ang mga pagpaslang ng mga Lumad.

"Ang mga pagpaslang na nagaganap ngayon ay bahagi na ng patakaran ng pamahalaan at hindi simpleng internal na tunggalian sa pagitan ng mga katutubong mamamayan," sulat ni Cristina Palabay ng Karapatan sa mga imbestigador ng UN. AB

Tuloy ang paglilingkod sa bayan

# Kahit maputi na ang buhok ko

*(Ang sumusunod ay sipi mula sa pahayag ni Rafael G. Baylosis noong Hulyo 30 na binasa sa Manila Regional Trial Court matapos siyang magpasyang hindi na dumalo sa pagsasakdal at magtungo sa kanayunan para ituloy doon ang mga gawain sa rebolusyonaryong kilusan.)*

Nagpasya akong lumiban at di dumalo sa huling pagkakataon ngayong araw sa ibinigay sa akin ng makatwirang Lady Judge nitong Korte sa Paglilitis ng GPH (Gubyerno ng Republiko ng Pilipinas) para pormal na isakdal...

Una, nais kong unahan ang kagyat at napipintong banta sa aking buhay at kalayaan matapos makakuha ng mapagkakatiwalaang impormasyon noong Enero at Abril 2015 mula sa ilang sirkulo ng militar at pulis ng GPH, na ako ay tinukoy, kabilang ang ilan kong kasamahan, bilang "kasalukuyan at prayoridad na *tracer*" sa bagong pamunuan ng PKP-BHB-NDFP (Partido Komunista ng Pilipinas-Bagong Hukbong Bayan-National Democratic Front of the Philippines). Sa isa pang ipinagbigay-alam sa akin na *top secret* na proyektong pang-intelidyens ng GPH, kabilang ako sa target para sa "neutralization" dahil pinagsususpetsahan kaming nasa unahan ng pagdaluyong ng kilusang masa sa National Capital Region para patalsikin sa poder ang kasalukuyang presidente ng GPH.

Wala akong balak na magpa-aresto, magdusa at magpakulong sa ikatlong pagkakataon sa aking buhay. Iyan ay kung hindi ako basta patayin sa pamamagitan ng pwersahang pagdukot tulad ng laging gawa ng militar ng GPH laban sa maraming mga rebolusyonaryong oposisyon sa nagdaang tatlong dekada, kahit matapos ang pagpapatalsik sa pasistang diktadurang rehimen ni Marcos... Hindi ako magugulat kung ako'y basta na lamang inaresto sakaling dumalo ako sa *pre-trial* na paglilitis na ito, base sa isang bagong "arrest warrant". May ilang mga upisyal ng militar, pulis at korte ang sanay na sanay sa mga kademonyohang tulad nito.

Ito ang dahilan na inuunahan ko na ng ilang hakbang itong banta sa akin at sa hanay ng mga rebolusyonaryong kinabibilangan ko. Nagpasya akong tumungo at muling mabuhay sa matatag na teritoryo ng Demokratikong Gubyernong Bayan sa ilalim ng NDFP sa kanayunan, upang ipagpatuloy ko ang aking gawain at bahagi sa rebolusyonaryong kilusan sa paglilingkod sa bayan. Kahit pa relatibong nagkaka-edad na ako, kahit maputi na ang buhok ko. Kung may mangyari sa akin na pinsala, madakip o mapatay man, malayong mas may laban dito sa malakas na suporta ng masang magsasaka, maraming mas nakababatang rebolusyonaryo, at pagtatanggol ng Bagong Hukbong Bayan.

Ikalawa, itinuturing kong responsibilidad sa rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan, sa NDFP at mga kasama sa mga bilangguan ng GPH, na puspusang batikusin at iprotesta ang "kriminalisasyon" ng mga pinagsususpetsahan at inaarestong mga rebolusyonaryo, na malalang paglabag sa matagal nang kinikilalang desisyon ng Korte Suprema ng GPH na doktrinang Hernandez kaugnay ng mga salang pampulitika, sa internasyunal na kinikilalang ligal na prinsipyong ang mga maysalang pampulitika na may mataas na hangarin, tulad ng mga rebelde, ay dapat tratuhin nang maluwag, iba sa mga karaniwang kriminal...

Buong-galang kong hinihingi sa mahuhusay kong abugado na intindihin ang desisyon ko, kahit sa kabila ng payo nilang dumalo ako rito noong Mayo 7 at ngayong araw. Maraming salamat sa inyong matibay at puspusang pagtatanggol sa aking mga demokratikong karapatan. Sa aking mga rebolusyonaryong kasama na kasalukuyang nililitis, hangad ko sa inyo ang katatagan, saya at mabuting kalusugan habang kayo'y napaiilalim sa mapanupil na mga instrumento ng kasalukuyang reaksyunaryong estado, para magpunyagi sa pakikibaka at sikaping lumaya upang makabalik sa rebolusyonaryong gawain sa labas ng bilangguan.

*(Pinirmahan)* Rafael G. Baylosis

### Andrea Rosal, laya na

INIUTOS ang pagpapalaya kay Andrea Rosal noong Setyembre 7 matapos ibasura ng korte ang kasong pagpatay laban sa kanya. Naniniwala si Andrea na ang tanging dahilan kung bakit siya dinakip at ikinulong noong Marso 27, 2014 ay dahil sa anak siya ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, namatay na tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP).

Pitong buwang buntis si Andrea nang madakip siya at ikulong sa Camp Bagong Diwa sa Taguig City. Habang nakapiit, nanganak siya noong Mayo 17. Namatay kinabukasan ang kanyang anak na si Diona Andrea dahil sa kawalan ng *oxygen* sa dugo. Hindi pinahintulutan si Andrea na makapunta sa libing ng kanyang anak, at binigyan lamang ng tatlong oras para dumalaw sa burol.

Isinaad ni Andrea na kikilos siya para sa pagpapalaya ng 537 bilanggong pulitikal. Nanawagan ang PKP na panagutin si Aquino at ang kanyang mga pinunong militar sa di makatarungang pagpiit at di makataong pagtrato kay Andrea Rosal. Dapat magbayad si Aquino sa paghihirap na dinanas ni Andrea, anang PKP.

## AFP, binigwasan sa Surigao

ANIM na sundalo ang napatay at apat ang nasugatan sa dalawang ambus na inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan-North East Mindanao Region (NEMR) sa Sityo Kabuluhan, Buhisan, San Agustin, Surigao del Sur noong Setyembre 5. Isinagawa ang unang ambus laban sa mga elemento ng Scout Ranger na noo'y tumatawid sa Ilog ng Hubo bandang alas-2 ng hapon. Bandang alas-3, isa pang tim ng mga Pulang mandirigma ang sumalakay sa mga tropa ng 36th IB sa parehong lugar.

Isa ang San Luis sa mga bayan na pinanggalingan ng libu-libong Lumad na nagbakwit tungong Tandag City dulot ng teror na inihahasik ng mga tropa ng militar at ng kanilang paramilitar na Magahat-Bagani sa prubinsya. Noong Agosto 28, pinatay ng mga Magahat-Bagani ang magkapatid na Crisanto at Ely Tabugol sa bayan ng San Miguel. Ilang araw matapos nito, brutal na pinaslang ng grupo ang tatlong lider-Lumad sa bayan ng Lianga.

Isa ang Lianga sa pinakamilitarisadong lugar sa Surigao del Sur dulot ng interes dito ng malalaking kumpanya sa pagmimina. Matatagpuan dito ang Andap Valley Complex, isa sa pinakamalaking *coal reserve* sa bansa at isa rin sa natitirang lugar na hindi pa napapasok ng malalaking kumpanya.

Kabilang sa may interes sa lugar ang Nickel Asia at SR Metals na pagmamay-ari ng kaalyado ng rehimeng US-Aquino na sina Salvador Zamora at Eric Guitterez. Sangkot din sa isang panahon ang masugid na tagapagtanggol ng rehimen na si Rep. Edgar Erice ng Caloocan City.

Noong Pebrero, nahagip ng pinakamalaking operasyong militar ng 4th ID ang ilang barangay ng San Miguel. AB

## Mga operasyong militar sa Mindoro, binigo ng BHB


Binigo ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mga atakeng inilunsad ng mga pwersang panseguridad ng estado sa isla ng Mindoro. Mula Hulyo hanggang Setyembre, idinirihe ng 203rd Brigade ng Philippine Army ang laking-batalyong pwersa sa tatlong serye ng mga operasyon ng pinagsanib na pwersa ng 4th Infantry Battalion at CAFGU, katuwang ang Regional Public Safety Battalion at Provincial Police Mobile Group.

Ang unang serye ng operasyon ay naganap noong Hulyo 23 hanggang 29 sa bayan ng Roxas. Bago pa man makabwelo ang operasyon ng militar ay inisnayp ng Pulang hukbo ang naglalakad na tropa noong Hulyo 24 kung saan isang sundalo ang nasugatan. Bago ito, siyam ang sugatan sa Bravo Company ng 4th IB nang pasabugan sila ng mga Pulang mandirigma sa Giob, Bulalacao, Oriental Mindoro.

Mula Agosto 6 hanggang 16, nagkasa ng mas malaki at masaklaw na operasyon ang kaaway. Ginalugad nila ang mga kagubatan at baybaying-dagat habang may partikular na pokus din sa hangganan ng mga bayan ng Bongabong, Roxas at Mansalay sa Oriental Mindoro at sa San Jose, Occidental Mindoro. Noong Agosto 13, habang pauwi na ang tropa ng kaaway ay hinaras sila ng isang yunit ng BHB sa Barangay Monteclaro sa bayan ng San Jose. Isa ang sugatan sa militar.

Sa ikatlong serye, naglunsad ng civil military operations ang kaaway mula Agosto 22 hanggang Setyembre 2 sa mga bayan ng Roxas at San Jose kung saan naganap ang matatagumpay na aksyong militar ng BHB. May mga katugon din itong maliliit at maiikling operasyon sa Magsaysay sa Occidental Mindoro at Bulalacao. Isang yunit ng kaaway ang nagpanggap na mga kasapi ng BHB para sa strike operation nito subalit bigo silang magdulot ng pinsala sa BHB.

Bago pa ang tatlong serye ng operasyon ng militar, walang puknat na ang malalaki at masasaklaw na mga operasyon noon pang Mayo at Hunyo sa kabila ng tuluy-tuloy na pag-ulan at pagbaha sa mga ilog. Gayunpaman, binigo ng hukbong bayan at rebolusyonaryong mamamayan ang mga desperadong atake ng kaaway. Nakapagpreserba ng lakas ang BHB at nakapagdulot pa ng pinsala sa kaaway habang tuluy-tuloy na nagpupunyagi ang rebolusyonaryong kilusan sa isla.



Saklaw ng inooperasyon ng AFP sa isla ang mga lugar na inangkin na ng malalaking kumpanya sa pagmimina. Pinakamalaki sa mga ito ang Intex Mining Corporation, isang kumpanyang Norwegian, na pinahintulutan ng rehimeng US-Aquino na magsagawa ng mga operasyon sa kabila ng pagbabawal ng lokal na gubyerno sa pagmiminna nang hanggang 25 taon. AB

Sa paraang kulu-kulumpon

# Mga kampanyang antipyudal, sinimulan sa EV

Sa isang kulumpon ng mga baryo sa Samar, nagtagumpay ang mga lokal na balangay ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM) sa inilunsad nilang antipyudal na mga pakikibaka laban sa usura, mataas na presyo ng mga bilihin at mababang pasahod noong Hulyo. Hudyat ito ng pagsusulong ng kampanyang antipyudal sa kulu-kulumpong mga baryo na inilulunsad ng PKM sa munisipalidad.

Mayor na panawagan ng Partido sa Eastern Visayas ang muling pasiglahin ang rebolusyong agraryo sa buong rehiyon. Kaya noong Abril, ipinatawag ng komite ng Partido sa larangang gerilya ang kumperensya ng mga samahang magsasaka para lagumin at pag-aralan ang mahigit isang dekada nang mga karanasan at tagumpay ng kampanyang antipyudal sa lugar.

Natukoy ng kumperensya ang laganap na mga problema ng masang magsasaka sa distrito. Binigyang-pansin nila ang muling paglitaw ng mga problema ng pandaraya ng mga komersyante, mababang pasahod sa mga manggagawang-bukid, mababang presyo ng mga produktong bukid atbp. Ang muling pag-iral ng mga problemang ito ay bunga ng mahabang panahong hindi nakapaglulunsad ng mga pakikibakang antipyudal.

Mula sa kumperensya ay itinayo ang PKM sa antas-munisipyo para magsilbing makinarya ng kampanyang antipyudal sa distrito. Dahil matagal-tagal nang hindi nakapaglunsad ng gayong mga kampanya, napagpasyahan ng kumperensya na muling ibreyktru ang mga plano sa tinukoy na kulumpon.

Mula rito, inaasahang paalon-along sasaklawin ng kampanya ang buong munisipalidad sa pamamagitan ng paglulunsad ng lokal na mga labanan sa kinulumpong mga baryo. Saklaw ng kampanya ang mahigit 50 baryo sa apat na bayan.



Mahaba na ang kasaysayan ng antipyudal na pakikibaka ng masang magsasaka sa lugar. Katunayan, dahil sa impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan, wala nang tumatayong malaking panginoong maylupa sa mga baryo. Karamihan sa mga magsasaka ay nagtatanim sa lupang abandonado. Malinaw sa kanila ang karapatan nilang magbungkal ng lupa at makinabang sa bunga nito alinsunod na rin sa mga patakaran ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa unang asembliya ng lokal na mga PKM, tinalakay ang kabuuang kalagayan ng larangan at ang planong pandistrito ng PKM-munisipal. Inilunsad ang mga pag-aaral kaugnay sa pambansa at internasyunal na kalagayan. Isinagawa ang mga talakayan kaugnay sa solidong pag-oorganisa. Sinariwa at muling pinagkaisahan ang dating mga partikular na patakaran, katulad ng mga restriksyon sa pagtotroso sa lugar.

Sa bawat baryo, binuo ang mga panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa mga uri sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga pulong-pagsisiyasat. Gamit ang simpleng mga pamamaraan, nagbuo ng mga pag-aaral (case study) sa mga anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa bawat baryo.

Pinamunuan ang mga pulong-pagsisiyasat ng mga susing kadre ng larangang gerilya at mahigpit na katulong ang mga myembro ng sangay ng Partido at lider-masa sa lokalidad. Ikinasa ang mga pangkalahatang asembliya sa baryo para pagkaisahin ang kasapian sa plano at igiit na mga kahilingan. Tinalakay sa buong asembliya ang mga case study at ang borador para sa minimum at maksimum na kahingian. Kasabay nito, sinimulang kausapin at paliwanagan ang natukoy na mga target para mapatimo sa kanila ang pagiging makatarungan ng mga hinaing ng mga magsasakang nasa mas mababang saray.

Sa bawat baryo, binuo ang mga panel ng mga negosyador. Dahil panimulang bwelo ang kampanya, dumalo sa mga pagsasanay at isinagawang mga dryrun ang mga upisyal ng kalapit na mga balangay ng PKM. Nagsilbi itong paghahanda para sa kani-kanilang mga laban.

Paglipas ng ilang panahon, ikinasa ng mga lokal na PKM ang mga negosasyon sa pagitan ng mga ito at mga target ng kampanya. Lihim na mga demokratikong konsultasyon ang naging porma ng laban. Tinukoy na ito ang angkop na anyo sa pagharap sa mga target na maliliit na panginoong maylupa, mayayamang magsasaka at komersyante na kayang maka-alyado o di kaya'y dati nang alyado.

### Mga tagumpay

Sa partikular, inisyal na naipagtagumpay ng mga magsasaka ang sumusunod:

**1. Pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid mula P150 tungong P200, dagdag sa pagkain sa buong araw na pagtatrabaho.**

Nasa abereyds lamang na P152/araw ang minimum na sahod ng mga manggagawang bukid sa lugar. Malayo ito sa ipinakong minimum na sahod sa agrikultura na P260 para sa Eastern Visayas, at laluna sa arawang tinatayang disenteng sahod na P1,077 sa pambansang antas.

Dahil sa pagtaas ng tantos ng

implasyon sa rehiyon dulot ng bagyong Yolanda, nasa P129.50 lamang ang tunay na halaga nito. Sa negosasyon, nagpahayag ang panginoong maylupa at mayayamang magsasaka na dapat ayusin din ng mga nangangalayon (manggagawang bukid) ang kanilang trabaho. Sagot ng mga kinatawan ng PKM, kapag maayos ang pasahod at pakain, tiyak na maayos din ang trabaho.

Napagkaisahan ang takdang oras ng pagtatrabaho ang alas-7 hanggang alas-10 ng umaga at ala-una hanggang alas-singko ng hapon. Binigyang-konsiderasyon ang kalagayang napakainit na ng araw lampas alas-10 at nakasasama na ito sa kalusugan ng mga nangangalayon.

**2. Pagpababa ng presyo ng mga batayang bilihin sa tindahan ng hanggang 50%.**


Dahil malalayo sa sentrong lunsod ang mga baryo, lubos na napagsasamantalahan ng mga komersyante ang mga magsasaka. Lampas 500% ang paglaki ng mga presyo ng mga batayang bilihin, kumpara sa orihinal na presyo ng pagbili ng mga ito. Kabilang dito ang mga batayang rekado tulad ng asin, asukal, mantika at toyo na pakyawang binibili sa mga bayan at tinging ibinebenta sa maliliit na supot o takal.

Sa negosasyon, tiniyak ng PKM na may sapat na kikitain pa rin ang may-ari ng tindahan. Ang tanging hiling lamang ng mga may-ari ng tindahan ay maagap silang bayaran ng mga may pagkakautang. Bilang pabor sa mga komersyante, napagkaisahan na kapag lumampas na ng isang buwan ang hindi nakabayad, papatungan ng 10% ang kanyang utang.

**3. Pagpababa ng porsyento ng usura.**

Kabilang dito ang sumusunod:

*a. Pagpapababa ng interes ng sistemang palangoy (cash to palay) mula 100% tungong 60%.*



Sa kasalukuyan, umaabot sa 100% ang interes ng bawat P1,000 pinapautang ng mga *nagpapalangoy* (nagpapautang). Binabayaran ito ng isang sakong palay na nagkakahalaga ng P2,000.

Sa negosasyon, napagkaisahang ibababa nang P400 ang ibabayad sa utang, katumbas ng 50 "salmonan" (malaking lata ng sardinas.) sa kada isang sakong palay. Ang palangoy ang pinakamalaganap at pinakamasahol na tipo ng usura sa mga baryong saklaw ng kampanya.

*b. Pagpapababa ng interes sa sistemang palay-to-palay (palay ang utang at bayaran) nang halos 100%.*

Naigiit sa mga nagpapautang na ang bawat isang sakong palay na inutang ay babayaran ng isang sako lamang din ng palay. Bago nito, ang isang sakong palay (na kadalasa'y inuutang bago ang taniman o apat na buwan bago ang anihan) ay binabayaran ng dalawang sako ng palay sa anihan (100% interes).

Sa negosasyon, tiniyak ng PKM sa mga nagpapautang na ang ibabayad na palay ng mga nangungutang ay hindi maipa at naibilad na. Maliit lamang ang kikitain ng nagpapautang pero naabot ang resolusyon dahil nagbigay-pabor ang alyadong nagpapautang.

*c. Pagpapababa ng interes ng inuutang na honorarium ng mga kagawad at alawans ng barangay tanod mula 30% tungong 10%.*

Kalakaran sa mga baryo ang pangungutang ng barangay tanod ng P1,000 kapalit ang kanilang tinatanggap na alawans na P1,300 o sa interes na 30%.

Sa negosasyon, naigiit na dapat P1,200 ang ipauutang sa mga tanod, at sa gayon, P100 na lamang o 10% ang interes. Sa mga kagawad ng barangay, naibaba ang interes ng pagpapautang nang hanggang 50% ang interes. Mula P3,000 tubo sa kada P9,000 honorarium na natatanggap kada limang buwan, nakapagkaisahang P1,500 na lamang ang tutubuin ng mga nagpapautang.

**Papel ng mga negosyador**

Isa sa mahalagang komponent ng kampanyang antipyudal ang pagpili at wastong pagsasanay ng panel ng mga negosyador na humarap sa mga target ng kampanya.

Ang panel na ito ang kumatawan sa PKM at nagdala sa mga isyu at hinaing ng mga magsasaka. Bago sumabak sa negosayon, tiniyak ng komite sa larangang gerilya na kabisado nila ang maksimum at minimum na mga demanda at matatag nilang mapaninindigan ang interes ng mga magsasaka.

Dahil salamin ang mga negosasyon ng tunggalian sa mga uri sa baryo, may mga pagkakataong lumabas ang interes ng uri, hindi lamang sa hanay ng mga target kundi maging sa hanay ng mga negosyador. Sa naging takbo ng negosasyon, may pagkakataong umiinit ang usapan dahil hindi kaagad o talagang hindi nagkasundo ang magkabilang panig. Partikular dito ang negosasyon sa sistemang *palangoy,* kung saan hindi sumang-ayon ang mga nagpapautang sa inihapag na saklaw na anihan ng mga negosyador. Dito, nasubok ang kakayahan ng panel na manindigan nang hindi ikinokompromiso ang interes ng samahan. Sa kabilang banda, may pagkakataon namang nakapagbitiw ng opinyong labis na pumabor sa mga target ang isa sa mga negosyador na relatibong nakaaangat ang kabuhayan. Sa pagtatasa, mariin itong pinuna.

Tinasa rin ang husay sa pamumuno at ang paglahok o di paglahok ng mga lider-magsasaka sa sangay ng Partido sa lokalidad at PKM. Ito ang gagamiting susing batayan sa muling pagsasaayos sa organisasyon at pagpili ng pamunuang sasabak sa susunod na serye ng mga antipyudal na pakikibaka. AB

# APEC sa Maynila, pakinabang sa dayuhang kapitalista

Malayo pa man ang Asia Pacific Economic Cooperation (APEC) Economic Leader's Meeting na idaraos sa Nobyembre 18-19 sa Manila, todo na ang pasikat ng rehimeng US-Aquino na mistulang ito ang magsasalba sa mga krisis na dinaranas ngayon sa bansa.

Bilang punong-abala ng mga lider ng APEC ngayong taon, naglaan ang rehimen ng P4.6 bilyon para sa pag-aasikaso ng mga bisita. Wala pa rito ang ibang badyet sa pag-aayos ng mga paliparan, kalsada o turismo sa palibot ng pagdarausan ng pulong.

Sa pagdaos ng APEC sa Pilipinas, inaasahan ng rehimen na maaakit ang dagdag na dayuhang pamumuhunan at mapapasigla ang turismo, na siya raw magpapabuti sa ekonomya ng bayan.

Pangunahing adyenda ng APEC ang pagtutulak ng higit pang globalisasyon na ilang dekada nang nagpahirap sa mamamayan. Kaya naman tinutuligsa ng iba't ibang grupo sa pangunguna ng Bayan ang rehimeng Aquino sa paghahabi nito ng kwento sa midya tungkol sa mga diumano'y benepisyong makukuha ng Pilipinas sa pagdaraos ng APEC dito.

Nakiisa rin ang International League of Peoples' Struggle (ILPS). Ani Jose Ma. Sison ng ILPS, "Nananawagan ang ILPS sa mamamayan ng lahat ng bayan lalo na sa rehiyong Asia-Pacific na ilantad at labanan ang mga opensibang neoliberal na pinamumunuan ng US na nagkukubli sa loob at palibot ng APEC."

### Neoliberal na adyenda ng globalisasyon

Ang APEC ay isang kalipunang sumasaklaw sa 21 ekonomya sa Asia-Pacific na bumubuo ng 50% ng pandaigdigang ekonomya, 44% ng kalakalan at 40% ng populasyon sa buong mundo. Taun-taon ay nagdaraos ang mga lider ng gubyerno at malalaking negosyo ng mga kumperensya para ibandila ang mga prinsipyo at patakarang neoliberal.

Ang APEC diumano'y nakatuon sa pagpapalakas ng pang-ekonomyang kooperasyon ng mga bayan sa rehiyon ng Pacific.

Ang totoo, mula nang itatag ito noong 1989, walang ginawa ang APEC kundi pangalagaan ang mga interes ng malalaking kapitalistang bansa lalo na ang US.

Umaalinsunod ang APEC sa Washington Consensus (tinagurian dahil sa kontrol ng International Monetary Fund, World Bank, World Trade Organization (WTO) at US Treasury) na pasimuno ang US. Ang pinakauna ngang pulong ng mga lider ng APEC noong 1993 ay ipinatawag ng US mismo upang itulak ang nabahurang Uruguay Round ng WTO at isa-isang papanghinain ang pagtutol ng mga di-maunlad na bayan.

Ang ikalawang pulong ng pinuno ng mga ekonomyang sakop ng APEC noong 1994 ay nagpatibay ng tinatawag na Bogor Goals na nagtulak ng tahasang liberalisasyon ng kalakalan at pamumuhunan sa rehiyon pagdating ng 2010 sa mauunlad na bayan at 2020 para sa di-maunlad na mga bayan.

Kahit pa pinalilitaw na konsensus lamang at boluntaryo ang binubuong mga pagkakaisa ng APEC, nasa likod nito ang APEC Business Advisory Council at Business Summit na instrumento ng makapangyarihang mga korporasyon para ipataw ang kanilang mga kapasyahan.

Kabalikat nila ang iba't ibang komite ng APEC tulad ng Komite sa Kalakalan at Pamumuhunan (Committee on Trade and Investment) na puno ng mga burukrata, teknokrat at mga tauhan ng korporasyon. Ang mga inilalabas nitong detalyadong gabay, pananaliksik para sa patakaran, at mga rekomendasyon ay pinagtitibay sa taunang pulong ng mga lider ng APEC.

### APEC 2015: Ibayong neoliberalismo sa ngalan ng "integrasyon"

Ang tema ng APEC ngayong taon na "Pagtatayo ng mga Ekonomyang Nakikinabang ang Lahat, Pagtatayo ng Mas Mabuting Daigdig," ay umiikot sa panrehiyong integrasyon sa ekonomya sa balangkas ng neoliberalismo.

Nakahapag sa APEC ang mga panukalang Free Trade Area of the Asia-Pacific (FTAAP); ang Strategic Blueprint for Promoting Global Value Chains; ang Accord on Innovative Development, Economic Reform and Growth; at ang Connectivity Blueprint for 2015-2025.



Lahat ng panukalang ito ay nakatuon sa sinasabing integrasyon ng mga ekonomya. Sa ngalan ng gayong integrasyon, babaklasin ang mga batas, patakaran, alituntunin at iba pang restriksyon sa kalakalan, daloy ng impormasyon at labas-masok ng mga tao.

Walang ibang pinagsisilbihan ang integrasyon kundi ang interes ng malalaking kapitalistang namumuhunan para itaas ang kakayahan ng mga ito sa mabilis na paglilipat-lipat ng kanilang produksyon. Ang diumano'y integrasyon ay nakatuon sa pagkakaroon ng mga pamantayan sa edukasyon at mga pagsasanay, imprastruktura sa transportasyon at telekomunikasyon upang gawing lalong episyente ang monopolyo kapitalistang pandaigdigang hatian sa paggawa.

Habang lalong mabilis na kayang ilipat-lipat ng mga malalaking kapitalista ang baha-bahagi ng produksyon, naibubunsod nito ang lalong pagpapatindi ng kompetisyon ng mga di-maunlad na bansang malakolonyal para ibaba ang halaga ng lakas-paggawa bilang pang-akit sa dayong pamumuhunan.

Ang sistema ng malakihang produksyon sa China kung saan iba't ibang produkto at disenyo ang maaaring ipasok o ilipat sa iba't-ibang mga sentro ng produksyon ang modelo para sa panrehiyong integrasyong ito. Target ng APEC maging ang integrasyon ng panggitna at maliliit na empresa sa kontrol ng mga transnasyunal.

Lalong malaking kapangyarihan ang ibinibigay sa mga monopolyo kapitalista sa kakayahan nitong lumipat sa kung saan pinakamababa ang sahod ng mga manggagawa.

Dagdag pa sa integrasyon, itinutulak ng APEC ang pagpapahigpit ng kontrol sa mga rekurso sa dagat at lupa na tinagurian nitong mga inisyatiba sa ekonomyang "Berde" at "Asul". AB

# Mga neoliberal na batas, paspasang ipinasa ni Aquino

Paspasang pinagtibay ng rehimeng US-Aquino nitong taon ang mga batas na nakabalangkas sa neoliberal na globalisasyon.

Magkasunod na ipinasa ng mga alipures ni Aquino sa Senado at Kongreso ang Philippine Competition Law o ang batas na laban diumano sa mga kartel at nagmomonopolyo (RA 10667) at ang Full Entry of Foreign Banks Law o ang higit pang pagbubukas sa sektor ng pagbabangko sa dayuhang pagmamay-ari (RA 10641). Inamyendahan din nito ang batas na naglilimita sa paglayag ng dayuhang barko at kargamento (RA 10668). Ang mga ito ay bahagi ng paghahabol ni Aquino na tupdin ang mga rekisitong ipinataw ng amo nitong imperyalismong US para sa mas mahigpit na kontrol nito sa lokal na ekonomya.

Malaking tulak sa pagsagawa at mabilisang pag-apruba ng mga ito ang nalalapit na Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) Integration sa katapusan ng taon, kung kailan dapat parepareho ang umiiral na mga batas sa ekonomya ng 10 bansa sa Asya. Nagtulak din dito ang maka-neoliberal na United Nations Convention on Trade and Development (UNCTAD) at ang European Chamber of Commerce, na nagsabi pa ngang malaking tulong ang batas na ito para sa pagpasok ng Pilipinas sa panukalang Trans-

*sundan sa pahina 10*

### Kapitalistang pagtutulungan "kontra-terrorismo"

SA ngalan ng pagpapaunlad sa ekonomya, pumapasok ang mga myembrong estado ng APEC sa usaping militar upang makapagtulungan diumano sa "kontra-terorismo".

Isinabay sa pangatlong pagpupulong ng Senior Officials and Ministers (SOM) na inilunsad sa Cebu noong Setyembre 1-2 ang ikaanim na meeting ng Counter-Terrorism Working Group kung saan pinagtibay ng mga myembrong bayan ang "komitment sa pagpapatupad ng sarili at pinagsanib na mga aksyon kontra-terorismo" upang "paunlarin ang seguridad at pagkamapagangkop ng mga negosyo at komunidad sa rehiyong Asia-Pacific."

Lantarang ipinapahayag dito ang kahandaan ng APEC na gumamit ng aksyon militar upang ipagtanggol ang mga negosyo sa rehiyon na malinaw na kontrolado ng mga imperyalista.

Noong Nobyembre 2001, pinapirma ng US ang mga dumalo sa APEC Summit sa Shanghai ng pahayag laban sa teroristang atake noong Setyembre 11 at pangakong magtulungan.

Ipinapakita ng mga pangyayari mula pa noon hanggang sa kasalukuyan na ang taguring terorismo ay maluwag na ginagamit ng mga imperyalista laban sa anumang grupo, organisasyon o maging bansa na tumututol sa kanilang paghahari. Kabilang sa tinatakan ng US na "teroristang organisasyon" ang Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan. Sa ilalim ng mga kasunduan sa APEC, magiging katanggap-tanggap para sa gubyerno ang pagpasok ng pwersa militar ng ibang bayan saan man dito sa Pilipinas upang labanan ang mamamayang umaalsa bilang bahagi ng "pinagsanib na mga aksyon laban sa kontra-terorismo".

Sa pulong, iniulat ng mga myembrong bansa ang inabot na ng pagpapatupad ng kani-kanyang Counter-Terrorism Action Plan. Mula pa noong simula ng taon ay ginaganap na ang mga pulong ng working group na ito. AB

Pacific Partnership ng US.

Regalo din ang mga ito ng papet na estado kay Barack Obama, presidente ng US, sa darating na pagpupulong ng mga lider ng Asia Pacific Economic Cooperation sa darating na Nobyembre.

**Inutil at makadayuhang batas sa kompetisyon**

Pangunahing laman ng Philippine Competition Law ang pagtatatag ng Philippine Competition Commission, isang organo ng estado na direktang mangangasiwa sa pagbubuwag ng mga itinuturing nitong mga kartel. Ang komisyon na ito ay direktang ipinailalim sa upisina ng presidente at labas sa mga hudisyal na proseso at mga batas. Mangingibabaw ang desisyon at kautusan ng komisyon sa mga ahensyang pangregulasyon tulad ng Securities and Exchange Commission, Energy Regulatory Commission at National Telecommunications Commission. Bukod sa tinanggalan at inaagawan ng kapangyarihan ang mga ahensyang dapat na nagbabantay sa kapakanan ng publiko, hindi na kailangang mapatunayang nagkasala ang isang empresa sa ilalim ng batas para maparusahan. Imbes, maaari nitong tanggapin na lamang ang kaparusahan nang walang inaamin sa korte. Ang prosesong ito ay nagpapaliit sa papel ng pamahalaan at nagpapalaki sa papel ng umano'y sariling regulasyon ng mga negosyante.

Kabilang sa mga target nitong buwagin ang sektor ng telekomunikasyon, kalakalan sa pagkain, pagmamanupaktura ng semento at iba pang empresa na tinukoy nitong "pinatatakbo ng iilang mga kumpanya." Ang naturang mga sektor at subsektor ay protektado ng konstitusyong 1987, at sa gayon ay limitado ang maaaring ariin (sa panig ng telekomunikasyon, isang serbisyong pampubliko) o gampanan (halimbawa, sa kalakalan ng pagkain) ng mga dayuhan. Para ikutan ang mga pagbabawal dito, idedeklara lamang ng komisyon ang mga ito bilang mga "kartel" o "monopolyo" para maaari nang pasukin ng dayuhang kapital.

Hungkag ang "malayang kumpetisyon" na isinasangkalan ng batas na ito. Dominado ng iilang kumpanya ng pinakamalalaking kumprador, burukrata at kanilang mga dayuhang kasosyo ang lahat ng aspeto at sektor ng lokal na ekonomya.

Bago inaprubahan ang RA 10667, umabot na sa 30 ang mga batas at kautusang may kaugnayan sa "malayang" kumpetisyon. Hindi napigilan ng mga batas na ito ang umiiral na monopolyo sa kalakal bunga ng iba't ibang tusong pamamaraan ng mga malalaking kapitalista, kabilang na ang merger o pagsasanib ng magkakakumpetisyong kumpanya para makontrol ang presyo ng mga serbisyo't bilihin.


Katulad sa nakaraan, hindi nito mapipigilan ang sabwatan ng monopolyo sa kuryente, na bumibili ng suplay sa sariling mga kumpanya at minamanipula ang presyo. Hindi rin nito mapipigilan ang mga multinasyunal na kumpanya sa gamot na hadlangan ang pagbebenta ng *generic* na gamot, kahit pa mas mura ang mga ito. Hindi rin nito mapipigilan ang kontrol sa palengke ng mga multinasyonal na kumpanyang pumapasok sa pagtitingi at kinokontrol ang ultimong maliliit na tindahan sa pamamagitan ng pagpapautang.

**Paghahari ng bangkong dayuhan**

Lalupang ibinukas ng pangkating Aquino ang sektor ng pagbabangko sa ilalim ng RA10641 na nagpahintulot sa buu-buong pagpasok ng mga bangkong dayuhan sa bansa. Ipinatutupad nito hindi lamang ang deregulasyon sa sektor kundi ang pag-alis sa natitirang mga sagka sa daloy ng pinansya. Susog ito sa nauna nang Foreign Bank Liberalization Act na ipinasa noong 1994. Kabilang sa mga amyenda nito ang pagtanggal sa limitasyon sa bilang at kwalipikasyon ng mga bangkong maaaring magtayo ng subsidyaryo sa bansa. Tinanggal na rin ang mga restriksyon sa bilang ng mga sangay na maaaring itayo ng mga dayuhang bangko sa buong bansa. Maaari na rin ang 100% pagmamay-ari ng dayuhan ng anumang bangko, gayundin sa mga ari-ariang maaring mailit ng naturang bangko.

Sa ngayon, umabot na sa lima ang dayuhang bangko na pinahintulutan ni Aquino na mamuhunan sa bansa. Dagdag sila sa 19 nang dayuhang bangkong may mga lokal nang operasyon.

Katulad sa nakaraan, magreresulta ang pagdagsa ng bangkong dayuhan hindi lamang sa pagtalsik sa trabaho ng libu-libong empleyado ng mga lokal na bangko, at ng paglusaw o pagsanib ng mga ito hindi lamang upang makaangkop sa "kompetisyon", kundi sa ibayong konsentrasyon ng puhunan at pag-aari ng mga bangko sa mga lokal na empresa. Higit pa, lilikha ito ng sistematikong daluyan ng dayuhang tubo palabas ng bansa. Pahihintulutan din ang mga bangkong dayuhan na mag



-ilit ng anumang lupang nakasanla, gamit ang kapangyarihan ng mga hukuman at pulisya, labag sa nakasaad sa mismong reaksyunaryong saligang batas. Kabilang sa maaari nang angkinin ng isang dayuhan ang mga lupang nailit ng bangko.

**Liberalisasyon ng daungan**

Samantala, inamyendahan ang Cabotage Law para bigyang-laya ang pagpasok at operasyon ng mga dayuhang barkong pagkargamento sa lokal na mga daungan. Sa bagong batas, hindi na kailangang magbayad ng buwis sa gubyerno ang mga ito, hindi tulad ng mga lokal na barko. Maaari na ring mamuhunan ang mga dayuhan sa pagbibigay ng serbisyong transportasyon sa dagat, na tiyak na wawasak sa lokal na industriya ng barko at maliliit na tagahatid ng mga pasahero sa pagitan ng mga isla. Maapektuhan nito ang 446 lokal na barko, samantalang ibayong lalaki at luluwag ang bolyum ng mga kalakal na papasok at iluluwas sa bansa.

Matutulad ang kalagayan ng mga bapor pangkalakal ng bansa sa Puerto Rico, kung saan dahil kontrolado ng mga kumpanyang pag-aari ng US ang lahat ng bapor pangkalakal sa pamamagitan ng Cabotage Law nito noong 1920, pataas nang pataas ang presyo ng mga bilihing dumadaan sa dagat. Dahil 85% ng kalakal ng bansang ito ay dumadaan sa dagat, tinatayang umaabot sa $400 kada taon (P49 kada araw) ang naidadagdag sa gastusin sa pagkain ng bawat indibidwal dahil sa kontrol ng US sa kalakalang dagat.

Ang mga batas na ito ay pakana ni Aquino upang ikutan ang oposisyon sa pagbabago ng mga probisyon ng saligang batas hinggil sa ekonomya *(economic charter change.)* Isusunod na ng rehimeng US-Aquino ang panukalang batas hinggil sa Public-Private Partnership (PPP). AB

# Dalawahang-mukha ng paglaban ng US sa China

*(Ito ang ikatlo sa serye ng mga artikulong tumatalakay sa National Security Strategy ng gubyernong Obama ng US.)*



Kung tahasang agresibo ang ipinakikita ng US sa Russia, dalawahang mukha naman ang ipinakikita nito sa pakikitungo sa China. Sa isang panig, tuluy-tuloy na itinutulak ng US ang kooperasyon sa ekonomya sa China; sa kabilang panig, tuluy-tuloy nitong ginagamit ang presyur sa kalakalan at presyur sa militar.

Kabilang sa patuloy na pagpapalakas ng tulungan sa ekonomya ang layuning patuloy na pahintulutan ang maluwag na pagpasok ng pamumuhunan mula sa mga monopolyo kapitalistang Amerikano at maipagpatuloy ang pakikipagsabwatan ng mga ito sa mga malalaking kapitalista sa China sa pagsasamantala sa murang lakas-paggawa ng mga manggagawang Chinese.

Sa kabilang panig, itinutulak naman din ng US ang tuluyang lubusang pagbabaklas ng China sa mga empresang pang-estado upang alisin ang relatibong lamang nito sa negosyo at kalakalan. Kasabay nito, nakatanaw din ang US na hadlangan ang lalo pang pagpapalawak at malao'y bawasan o agawin ang mga pamilihang kontrolado ng mga monopolyo kapitalista sa China.

Ang dalawang aspetong ito ng pakikitungo ng US sa China ay nasasalamin sa NSS. Anito: "Walang kapantay ang saklaw ng ating kooperasyon sa China, habang patuloy nating binabantayan ang modernisasyon ng militar nito at tinututulan ang paggamit ng anumang pananakot sa pagresolba ng mga alitang teritoryal."

Ang "kooperasyon" ang kasalukuyang nangingibabaw na aspeto ng pakikitungo ng US sa China. Anang NSS: "Binabati ng United States ang pagbangon ng matatag, mapayapa at masaganang China. Habol nating magpaunlad ng konstruktibong relasyon sa China na nagdadala ng benepisyo sa ating dalawang mamamayan at nagsusulong ng seguridad at kasaganahan sa Asia at sa buong mundo."

Ang China ang tinataguriang ikalawang pinakamalaking ekonomya sa buong mundo kasunod ng US. Isa itong relatibong bagong sibol na imperyalistang bansa. Bagaman kasalukuyang isampito (1/7) lamang ang laki ng militar nito kumpara sa US, itinuturing ito ng US na lumalaking banta sa pandaigdigang hegemonya nito. Isinaad nito sa NSS na mahigpit na susubaybayan ng US ang pagpapalawak ng presensya ng China sa Asia.



Ani Obama, "Napakalaki ng kalakalan, ng negosyo sa pagitan ng United States at ng China. Masaklaw ang mga internasyunal na usapin kung saan napakahalaga ng pagtutulungan ng US at China... Ang palagiang mensahe namin sa China ay

nais naming maging katuwang ninyo sa pagtataguyod sa internasyunal na batas."

Nitong Hunyo, iginiit ng mga upisyal ng gubyernong Obama na dapat kasama nito ang China "sa pagbabalangkas ng bagong sistemang may takdang mga alituntunin sa isang mabilis na nagbabagong mundo."

Matataas na upisyal ng US ang bumisita kamakailan sa China. Kasabay ng pagtanggap ng China kay Secretary of State ng US na si John Kerry noong Mayo, inilarawan ang relasyon ng US at China na nasa "bagong pangkasaysayang antas". Ngayong buwan, nakatakdang tanggapin naman ng US ang pinuno ng China na si Premier Xi Jinping.

Kasabay ng pagtulak ng "kooperasyon" sa China, isinasagawa ng US ang mga hakbanging mapanghamon at mapang-upat ng antagonismo. Ang idineklarang "pihit sa Asia" ng US ay kinatatampukan ng paglilipat ng hanggang 60% ng pwersang militar nito na nasa ibayong dagat. Sa ilalim ng "pihit" na ito, tiniyak ng US na mabibigyan ng akses ang militar nito sa mga pasilidad mula sa Australia hanggang Japan. Nagsisilbi rin sa layuning ito ang pinirmahang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) ng rehimeng Aquino na nagbibigay-daan sa muling pagbabaseng militar ng US sa Pilipinas.

Simula 2011, puspusang itinulak ng US ang konsepto ng "kalayaan sa paglalayag" upang bigyang-matwid ang pagpapatatag ng presensya ng mga barkong pandigma ng US sa South China Sea bilang agresibong hakbangin sa paligid ng China at pagtiyak sa kontrol nito sa rutang pandagat na iyon kung saan taun-taon ay dumadaan ang $5 trilyong halaga ng kalakal.

Sa ngalan ng "kalayaang" ito, tahasang binabalewala ng US ang soberanya ng Pilipinas sa mga teritoryong pandagat nito sa South China Sea. Noong 2013, may 80 ulit na naglabas-masok at dumaong ang mga barkong pandigma ng US sa mga teritoryong pandagat ng bansa.

Ang pagtatatag ng US ng presensya nito sa South China Sea ang siya namang nag-udyok ng kontra-agresibong paggigiit din ng China ng kapangyarihan nito sa naturang karagatan. Simula 2013, nagsagawa na rin ang China ng reklamasyon ng lupa sa gitna ng karagatan na ginagamit nito ngayon para igiit na lehitimo ang presensya ng pwersang nabal nito sa lugar.

Tahasang hinamon at inudyukan ng militar ng US ang China nang nagpalipad ito ng P8 Poseidon na eroplanong pansurbeylans sa himpapawid sa ibabaw ng mga teritoryong inaangkin ng China noong Mayo. Bago nito, nagpalipad ang US ng mga drone na Global Hawk sa Spratly Islands na pinabagsak naman ng China sa pamamagitan ng pag-"jam" sa GPS signal nito.

Ang gayong mga hakbanging militar ay tahasang pag-uudyok sa China. Iginiit ng China na ang gayong mga hakbangin ng militar ng US ay nagpapalaki ng posibilidad ng "komprontasyon". Gayunpaman, mabilis na naglilinaw ang US na "hindi ito papanig" sa nagtutunggaliang pag-aangkin ng teritoryo sa South China Sea.

Dagdag sa mga mapang-away na pahayag ng US laban sa China ay ang akusasyong nagsasagawa ang gubyerno ng China ng elektronikong atake sa mga kompyuter ng gubyerno ng US na nagresulta sa pagnanakaw ng impormasyon. Dagdag pa rito ang pagdidiin ng US ng akusasyon ng mga paglabag sa karapatang-tao sa China, manipulasyon ng estado sa salapi upang makakuha ng bentahe sa kalakalan, atbp. Pana-panahon, nagbabanta ang US na magpapataw ng mga sanction o kaparusahan sa ekonomya.

Ang mga hakbanging ito ng US, sa ngayon, ay mga pagpapasiklab pa lamang at di pa kagyat na hahantong sa armadong tunggalian. Gayunpaman, ang tunggaliang ito'y hindi malayong mabilis na mahinog sa mga darating na taon sa harap ng nagpapatuloy na di malutas na krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng lumalaki at lumalakas na paggigiit ng sariling interes ng mga monopolyo kapitalista sa China at mga kaalyado nitong pwersang anti-US. AB

## Anibersaryo ng pagpapatalksik ng mga base militar ng US, ginunita

NAGLUNSAD ng protesta ang mga pambansa-demokratikong grupo, sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan, sa harap ng embahada ng US sa Maynila noong Setyembre 16. Binatikos nila ang nagpapatuloy na interbensyong militar at planong pagbabalik ng mga base militar ng US sa bansa sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement. Ang kilos-protesta ay paggunita sa ika-24 na anibersaryo ng pagbabasura ng Senado sa Military Bases Agreement at pagsasara sa mga base militar ng US noong 1991.

Isinagawa ang protesta sa gitna ng ebidensyang naungkat kaugnay sa direktang partisipasyon ng mga tropang US sa nabulilyasong operasyon ng Special Action Force (SAF) ng pulisya sa Mamasapano noong Enero. Nitong Setyembre, lumabas ang isang bidyong nagpapakita na liban sa 44 na pwersa ng SAF, mayroong di bababa sa dalawang dayuhan at pinaghihinalaang tropa ng US ang napatay sa Mamasapano. Dati nang may ipinakita ang grupong Suara Bangsamoro na bidyo kung saan makikita ang bangkay ng isang nakaunipormeng pulis na may itsurang dayuhan.

Bago ang piket, naglunsad ng raling iglap ang mga myembro ng League of Filipino Students at Anakbayan sa harap ng embahada. Binato nila ng nakabalot na may pintura ang selyo at tarangkahan nito. AB